

Programang Pangnegosyo na Legacy o Pamana (Legacy Business Program) Libritong Gabay para sa Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon (Resources Handbook)

2018



Mga Lokal na Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon ng mga Negosyong Legacy

Pagbati! Nangangahulugan ang pagkakalista ninyo sa Legacy Business Registry (Talaan ng mga Negosyong Legacy o Pamana) na opisyal nang kinikilala ang inyong negosyo bilang matagal nang nagsisilbi sa komunidad at may halagang pangkultura sa Lungsod at County ng San Francisco. Layunin ng Lungsod na maging kasangkapan ang Registry (talaan) upang magbigay ng tulong na promosyonal at pang-edukasyon sa mga Negosyong Legacy, at mahikayat ang kanilang patuloy na tagumpay at pagkakaroon ng kakayahang lumago. Tungo rito, nilikha ng Lungsod ang handbook o libritong ito upang magsilbi bilang madaling gamiting sanggunian sa mga lokal na negosyo, ukol sa mga programa, serbisyo, at mapagkukunan ng tulong at impormasyon, na puwedeng makuha, at nang matulungan kayong maging matagumpay at maipagpatuloy ang pamana o legacy.

Heto ang mabilisang pagtingin sa mga rekurso o mapagkukunan ng tulong at impormasyon na nakalarawan sa booklet na ito.

- **Opisina para sa Maliliit na Negosyo (Office of Small Business):** Espesyalisadong tulong sa mga lisensiya at permit, pagsunod sa mga batas ng gobyerno, pagsosona at paggamit sa lupa, at pagkakaroon ng daan tungo sa mga nonprofit at sa SF.
- **San Francisco Business Portal:** Mapagkukunan ng tulong at impormasyon sa internet para sa komprehensibong impormasyon na pang-negosyo, tulad ng tungkol sa mga permit, pagpipinansiya, pag-eempleyo, pagiging handa sa sakuna, pakikipagnegosyo sa lungsod, at marami pang iba.
- **Komite ng mga Abugado para sa mga Karapatang Sibil (Lawyers' Committee for Civil Rights):** Libreng serbisyo ukol sa usaping legal o patungkol sa batas, klinika, workshop o palihan, at pang-indi-indibidwal (one-on-one) na legal na representasyon sa pamamagitan ng programang Mga Legal na Serbisyo para sa Negosyante (Legal Services for Entrepreneurs).
- **Main Street Launch:** Mga micro-loan (maliit na utang, karaniwang hanggang \$35,000) sa may preperensiyang porsiyento ng interes sa pamamagitan ng Revolving Loan Fund (pinagkukunan ng pera para sa pagpapautang sa maraming maliliit na proyektong pangnegosyo) ng Lungsod.
- **Ahensiya para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya sa Mission (Mission Economic Development Agency):** Tulong sa negosyo at mga workshop kung paano makakuha ng kapital, marketing (pagbebenta ng produkto), pangangasiwa sa pinansiya, at maliliit na utang para sa negosyo sa pamamagitan ng Adelante Fund.
- **Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development):** Mga rekurso o mapagkukunan ng tulong at impormasyon mula sa non-profit at tulong para sa mga sektor ng produksiyon, distribusyon at pagkukumpuni (production, distribution and repair).
- **Sentro para sa Pagpapaunlad ng Maliliit na Negosyo ng San Francisco (San Francisco Small Business Development Center):** Pagkokonsultang indi-indibidwal at mga workshop o palihan sa accounting, pagpapalano ng negosyo, pagbebenta at marketing o promosyon, HR, legal na serbisyo at marami pang iba.
- **Gellert Family Business Resource Center (Sentrong Gellert para sa Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon ng mga Negosyong Pag-aari ng Pamilya) ng University of San Francisco:** Pagkakaroon ng pamamaraang makagamit ng stratehiko at praktikal na impormasyon, pananaliksik, at oportunidad sa pagnetwork para sa mga negosyong pag-aari ng pamilya.
- **Working Solutions (Mga Epektibong Solusyon):** Pagpapanatili sa mga negosyo at relokasyon sa pamamagitan ng tulong sa negosasyon sa pag-upa, pagtatambal ng mga microloan sa paggabay o mentorship para sa start-up o nagsisimulang kompanya, at naririyang negosyo.

Pakitingnan ang mga nakatuong pahina ng booklet o libritong ito para sa mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon na ito, kasama na ang impormasyon para sa pagkontak sa ahensiya. Ipagpapatuloy namin ang pagbibigay sa inyo ng pinakabagong impormasyon tungkol sa iba pang oportunidad para sa teknikal na tulong at promosyon ng inyong Negosyong Legacy habang patuloy naming pinalalago ang programa. Para sa mga tanong ukol sa teknikal na tulong, pakikontak si Lawrence Liu sa (415) 937-7232 o sa pamamagitan ng email sa lawrence.liu@sfgov.org.

Puwedeng makuha ang handbook na ito online sa aming Resources page: <http://sfsob.org/legacy-business/resources>.

Muli, sa ngalan ng Lungsod at County oSan Francisco, hangad namin ang patuloy ninyong tagumpay sa mga darating pang taon at salamat sa paglilingkod sa ating komunidad.,

Legacy Business Program
Office of Small Business
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 110
San Francisco, CA 94103
(415) 554-6680



Sentro para sa Pagtulong sa Maliliit na Negosyo (Small Business Assistance Center) at Business Portal ng Office of Small Business

Nagliligkod ang **Sentro para sa Pagtulong sa Maliliit na Negosyo (Small Business Assistance Center, SBAC)** ng Office of Small Business bilang sentro para sa impormasyon at pagtulong sa maliliit na negosyo sa San Francisco. May pananagutan kami sa pagtulong sa mga Negosyong Legacy na patuloy na umunlad at yumabong sa lungsod. Naririyang aming mga business case manager (tagapamahala ng mga kaso sa negosyo) upang tulungan kayo sa mga pasikot-sikot ukol sa malawak na hanay ng mga paksa, kasama na ang pagkuha ng lisensiya at permit, pagsunod sa mga batas at regulasyon ng gobyerno, pagpapalawak sa negosyo at marami pang iba. Maikokonekta rin namin kayo sa mga lokal na organisasyong pangnegosyo at iba pang propesyonal sa pagnenegosyo para sa indibidwalisadong tulong sa mga larangang tulad ng marketing o promosyon at pagpapalano ng negosyo.

Puwedeng maugnayan ang aming mga case manager sa pamamagitan ng telepono, email, walk-in (hindi kailangan ng takdang pagkikita) at sa pagpapa-appointment. Naghahandog kami ng mga serbisyo sa Espanyol at Tsino.

Kasama sa mga serbisyo ang:

- Mga lisensiya at permit sa pagnenegosyo.
- Pamamaraang makagamit ng mga opsiyon sa pangangapital.
- Mga itinakdang pangangailangan ayon sa batas na ADA at pagsunod rito.
- Tulong at impormasyon sa mga usaping legal.
- Mga mandato sa taga-empleyo at batas ukol sa paggawa.
- Tulong ukol sa pagsosona at paggamit ng lupa.
- Proseso ng pagkuha ng permit para sa pagtatayo ng gusali
- Pagkakaroon ng mga kontrata sa gobyerno at sertipikasyon bilang Lokal na Negosyo (Local Business Enterprise, LBE)
- Iba pang mapagkukunan ng tulong at impormasyon ukol sa pagnenegosyo.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin kami online sa www.sfosb.org.

Kontakin si:

Rhea Aguinaldo

(415) 554-6134

rhea.aguinaldo@sfgov.org

City Hall, Room 110

1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes 8 AM - 5 PM



Ang San Francisco Business Portal ay online na magkukunan ng komprehensibong impormasyong pangnegosyo, na nanalo na ng karangalan, at makukuha nang 24/7.

Bisitahin ang: www.businessportal.sfgov.org.



Mga Legal na Serbisyo para sa mga Negosyante Komite ng mga Abugado para sa mga Karapatang Sibil (Lawyers' Committee for Civil Rights)

Komite ng mga Abugado para sa mga Karapatang Sibil (Lawyers' Committee for Civil Rights, LCCR)

Sa loob ng mahigit 40 taon, nagtatrabaho na ang Komite ng mga Abugado para sa mga Karapatang Sibil (LCCR) ng San Francisco Bay Area upang isulong, protektahan at itaguyod ang mga legal na karapatan ng mga komunidad na may kulay, migrante at refugée (tumakas mula sa kanyang bansa). Sa pamamagitan ng daan-daang pro bono o walang bayad na abugado, nagkaloob ang Komite ng mga Abogado ng libreng legal na tulong at representasyon sa mga indibidwal ukol sa mga legal na usapin, sa pamamagitan ng direktang mga serbisyo, impact o stratehikong litigation (mga kasong nagsusulong ng pagbabago sa lipunan), at pagtataguyod sa mga polisiya.

Mga Legal na Serbisyo para sa mga Negosyante (Legal Services for Entrepreneurs, LSE)

Ang Mga Legal na Serbisyo para sa mga Negosyante (LSE) ay proyekto ng Komite ng mga Abogado para sa pagkakaroon ng katarungang pang-ekonomya at pagbibigay-lakas sa komunidad. Itinatag ang LSE noong 1997, at nagkaloob ito ng libreng legal na serbisyong pangnegosyo sa mga indibidwal na mababa ang kita at gustong magsimula o magpa-unlad ng negosyong mapagkikitaan (for-profit) at may pananagutan sa pagkakaroon ng ekonomikong pag-unlad ng komunidad.

Kinikilala ng LSE na posibleng manganib ang pangmatagalang buhay ng negosyo kapag hindi ito nagkaroon ng legal na tulong sa pinakabatayang mga usapin, kasama na ang pag-eempleyo, pagsosona, kasunduan sa komersiyal na pag-upa, proteksiyon ng intelektuwal na pag-aari at iba pang usaping pangnegosyo. Mula noon hanggang ngayon, mahigit 2,000 kliyente na ang natulungan ng LSE.

Nagkaloob ang LSE ng:

- **Mga Klinika at Pakikipagkonsulatasyon para sa mga Usaping Legal (Legal Clinics and Consultations):** Indi-indibidwal na konsultasyon sa abugado para sa mga negosyanteng may katanungan ukol sa batas kaugnay ng start-up o nagsisimulang negosyo o narriyan nang negosyo.
- **Pagtatambal sa mga Abogado:** Pinagtatambal ang mga negosyante sa may karanasan nang abugadong pangnegosyo na nagkaloob ng kanilang serbisyo nang libre. Kasama sa mga nasasakop na uri ng batas pang-negosyo ang: pagbuo ng entidad, komersiyal na pag-upa, usapin sa pag-eempleyo, kontrata sa pagitan ng kostumer at supplier, trademark, at patent. Bisitahin ang website ng LSE para sa impormasyon ukol sa mga patnubay sa pagiging kuwalipikado para sa pagtatambal sa isang abugado.
- **Mga Workshop o Palihan ukol sa mga Usaping Legal:** Tinatalakay ng mga paksa ang malawak na hanay ng mga legal na usapin na hinaharap ng negosyante kapag nagsisimula o nagpapaunlad ng negosyo, kasama na ang pagbuo ng entidad na pangnegosyo, pag-eempleyo 101, batayang kaalaman ukol sa komersiyal na pag-upa, at intelektuwal na pag-aari.

Pakitandaan, na bagamat ikinalulugod ng LSE na makatulong sa kliyente ukol sa mga pangangailangan sa usaping legal kaugnay ng pagnegosyo, hindi nagbibigay ng payo ang LSE sa mga usapin ng pagsasakdal o litigation, o alitan sa negosyo.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang: www.lccr.com/get-help/economic-justice-legal-services-for-entrepreneurs-lse.

Kontakin si:

Carlos Mojica

(415) 543-9444 ext. 217

cmojica@lccr.com

131 Steuart Street, Suite 400

San Francisco, CA 94105



Main Street Launch

Ang Main Street Launch ay organisasyong nonprofit na may misyong lumikha ng pang-ekonomiyang oportunidad sa pamamagitan ng pagbibigay-lakas sa mga negosyante. Sa pamamagitan ng pagpapautang at mga serbisyo sa pagpapaunlad ng negosyo, naglilingkod na ang Main Street Launch sa maliliit na negosyo sa Bay Area magmula pa noong 1979. Sa San Francisco, nagsasagawa ng mga operasyon ang Main Street bilang San Francisco Launch.

Sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD), nagkaloob ang Main Street Launch ng kapital sa mga negosyo sa pamamagitan ng Revolving Loan Fund (pinagkukunan ng pera para sa pagpapautang sa maraming maliliit na proyektong pangnegosyo, RLF) ng Lungsod, Pondo para sa Pagpapautang sa Bagong Tatag na Negosyo (Emerging Business Loan Fund, EBLF), at iba pang programa para sa pagpapautang.

Napondohan na ng Main Street Launch ang mahigit sa \$14 million na utang sa mahigit sa 150 negosyo sa San Francisco.

KAPITAL	
Mga Halagang Ipinautang	\$10,000 hanggang \$250,000
Porsiyento ng Interes	Nagsisimula sa 3.5%* *Para sa mga kuwalipikadong komunidad. May porsiyento ng interes ang iba pang uri ng utang (loan product) na WSJ Prime +4% (8.25% magmula noong Hunyo 2017).
Mga Kasunduan sa Pagpapautang	Hanggang sa 10-taon na amortisasyon (nakapirming iskedyul ng pagbabayad ng utang Walang karagdagang singil para sa maagang pagbabayad (prepayment penalty)
Mga Pinaggagamitan ng Utang	Kasangkapan, fixture o nakapirming kasangkapan, kagamitan Imbentaryo Ginagamit na kapital Muling pagpipinansiya ng utang sa negosyo Pagbili ng negosyo Pagpapahusay sa pinaupahan
Kolateral	Lahat ng asset o pag-aari ng negosyo

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.mainstreetlaunch.org/san-francisco-launch.

Kontakin sina:

Darius Mahajer

(415) 213-8677

darius@mainstreetlaunch.org

Karolyn Wong

(510) 830-3225

karolynw@mainstreetlaunch.org

*Para sa mga Negosyong nasa Chinatown

560 Pine Street, Second Floor
San Francisco, CA 94108



"Dahil sa utang, nabago ko ang pagnenegosyo mula sa pagsalig nito sa mga rekomendasyon tungo sa pagbuo ng sales pipeline (pagkakaroon ng biswal na representasyon ng inaasahang mabebentahan at kung nasaan na sila sa proseso ng pagbili). Nasa tamang landas na kami para sa pagpapadoble ng negosyo sa susunod na 36 buwan."

Daniel Hernandez

May-ari ng Professional Computer Support
Bayview, San Francisco

Ahensiya para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya sa Mission (Mission Economic Development Agency)

Ang Ahensiya para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya sa Mission (Mission Economic Development Agency, MEDA) ay naka-ugat sa Mission at 44 taon nang nagkaloob ng tulong teknikal na pangnegosyo sa San Francisco sa pamamagitan ng Programa para sa Pagpapaunlad ng Negosyo (Business Development Program, BDP) nito. Inangkop ng MEDA ang programa nito upang matugunan ang pangangailangan ng mga pamilyang mababa o katamtaman ang kita sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa dalawang wika na gumagamit ng modelo sa paggabay (coaching model), at naghahandog din ito ng programang microloan sa maliliit na negosyo na karaniwang hindi kuwalipikado para sa kumbensiyonal na pagpapautang sa bangko.

Naghahandog ang **Programa para sa Pagpapaunlad ng Negosyo (Business Development Program)** ng serbisyo sa mga kliyente nito sa pamamagitan ng workshop o palihan sa Ingles at Espanyol at indi-indibidwal na konsultasyon. Kasama sa programa ang:

- **Mga inaasahang pinansiya:** Nagbibigay ng tulong sa mga kliyente para makagawa ng mga pampinansiyang pahayag (financial statements) ng negosyo. Mahalaga ang pagkakaroon ng batayang pagkaunawa ng mga pampinansiyang pahayag sa sinumang may-ari ng negosyo. Tunguhin ng programa na makatulong sa kliyente upang magamit ang mga pampinansiyang pahayag bilang kasangkapan para sa negosyong mas mahusay na napatatakbo.
- **Marketing o Pagbebenta ng Produkto:** Nagbibigay ang MEDA ng tulong sa marketing o pagbebenta ng produkto at pag-aadvertise ng produkto. Kasama na rito ang pagtukoy sa market o mapagbebentahan ng kliyente, target na kostumer, at ang pinakamahuhusay na paraan upang maabot ang mga kostumer.
- **Mga Pamamaraan upang Makakuha ng Kapital:** Sa pamamagitan ng programa nito para sa pagpapautang sa maliliit na negosyo, ang **Adelante Fund**, nagkaloob ang MEDA ng pagpapautang na hanggang \$100,000 sa mga may-ari ng maliliit na negosyo sa San Francisco Tumatanggap ang lahat ng umuutang ng teknikal na tulong bago at pagkatapos ng proseso ng pag-utang mula sa Programa para sa Pagpapaunlad ng Negosyo (Business Development Program), at iniaalok ito sa Ingles at Espanyol. Binibigyan ng konsiderasyon ng pondo para sa pagpapautang ng MEDA ang mga may-ari ng maliliit na negosyo, na madalas na itinuturing na high-risk (malaki ang posibilidad na hindi makabayad) maging ng iba pang nagpapautang (lender) na nakabase sa komunidad.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.medasf.org.

Kontakin si:

Edwin Rodriguez

Business Development Program Manager

(415) 282-3334 ext. 102

erodriguez@medasf.org

2301 Mission Street, Suite 301

San Francisco, CA 94110



Nonprofit na Resources ng Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development)

May pananagutan ang **Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD)** na suportahan ang pangmatagalang kalusugan ng sektor na nonprofit ng San Francisco. Sa pamamagitan ng Dibisyon para sa Pag-unlad ng Negosyo (Business Development Division), nagbibigay ang OEWD ng tulong sa mga nonprofit sa mga sumusunod na larangan:

Pagpapaunlad sa Negosyo :	Pagkakaroon ng pamamaraang makagamit ng network o samahan ng non-profit na resources (mapagkukunan ng tulong at impormasyon) at rekomendasyon, pati na rin ng pagsasanay at edukasyon na nababagay sa sining, edukasyon, serbisyong panlipunan, pagpapaunlad sa komunidad at iba pang cluster ng industriyang nonprofit
Pakikipag-ugnay sa Lungsod (City Liaison):	Espesyalisadong pagtulong sa mga pasikot-sikot sa gobyerno ng lungsod, kasama na ang mga tanong at tulong kaugnay ng mga permit at pagsosona, iisang kontak sa Lungsod upang magkaroon ng koordinasyon sa mga serbisyo.
Mga Serbisyo para sa mga Nagtatrabaho at Puwedeng Magtrabaho (Workforce Services):	Tulong sa pagrerekut ng mga empleyado, may subsidyong pagsasanay sa trabaho para sa mga bagong pasok at pagpapahusay pa ng mga kakayahan, espesyalisadong tulong sa mga pasikot-sikot sa mga itinatakdang gobyerno ng Lungsod.
Mga Lupa at Gusaling Ariarian (Real Estate):	Tulong sa pagpili ng lugar, reloksyon at pagpapalawak, na may gabay sa mga larangang nakasona at naaangkop para sa paggamit ng nonprofit.

Sa pamamagitan ng **Inisyatiba ukol sa Pagpapatuloy ng mga Nonprofit (Nonprofit Sustainability Initiative)**, inilunsad ng OEWD at ng Pondo para sa Pagpapatuloy sa Komunidad ng Northern California (Northern California Community Loan Fund, NCCLF) ng mga programa upang masuportahan ang mga nonprofit na gustong higit na maging permanente nang abot-kaya ang pangmatagalang pag-upa.

- **Pondo para sa Nonprofit na Magagamit sa Paglalaan ng Kapital sa Espasyo (Nonprofit Space Investment Fund):** Mga grant (tulong pinansiyal) sa kuwalipikadong nonprofit upang makakuha ng bago at permanenteng espasyo.
Programang Maging Panatag sa Pagkakaroon ng Espasyo (Nonprofit Space Stabilization Program): Mga grant para sa kuwalipikadong nonprofit na may panganib na mapaalis sa ginagamit na espasyo, at nang magamit ito tungo sa teknikal na tulong o pinansiyal na tulong; sa gayon, mabawasan ang binabayaran sa pag-upa, gastos sa paglilipat ng espasyo, at pagpapahusay para sa tenant o nangungupahan.

Nilikha ang **Pagpapabilis ng Pagpapahusay para sa Nonprofit (Nonprofit Impact Accelerator)** para sa mga profit na gustong higit na maging epektibo at mapahusay ang pinansiyal na kalusugan sa pamamagitan ng partnership o pagkakaroon ng katuwang. Para sa maraming nonprofit, kasama rito ang pagkakaroon ng bagong istruktura sa pamamagitan ng pakikigamit ng espasyo sa iba (co-location), pakikipag-partner para sa administratibong serbisyo at magkasamang pagpoprograma. Nagkakaloob ang programang ito ng:

- Payo at pagtatasa sa mga nonprofit na pinag-iisipan ang mga stratehikong alyansa, pakikipag-partner, at mga susunod na hakbang.
- Batayang kaalaman ukol sa mga toolkit, pananaliksik at pinakamahuhusay na gawain, pati na rin ng mga sesyon sa pag-aaral na personal na pinupuntahan.
- Mga rekomendasyon sa may karanasang nonprofit na nagbibigay ng serbisyo.
- Mga grant (tulong pinansiyal) para sa teknikal na tulong sa piling nonprofit, at nang mapag-isipan o masubukan nila ang pangmatagalang permanente na stratehikong kolaborasyon.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.oewd.org/nonprofits-0.

Kontakin si:

Lex Leifheit

Nonprofit Business Development Manager

(415) 554-6959

lex.leifheit@sfgov.org



Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development) Produksiyon, Distribusyon, at Pagkukumpuni (Production, Distribution, and Repair)

Nagkakaloob ang **Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD)** ng tulong sa mga negosyo sa produksiyon, distribusyon, at pagkukumpuni sa pamamagitan ng mga sumusunod na serbisyo:

Pagpapaunlad sa Negosyo:	Pagkakaroon ng pamamaraang makagamit ng network ng mga nonprofit na mapagkukunan ng tulong at impormasyon at rekomendasyon na nakaangkop sa mga pangangailangan ng bawat negosyo.
Pakikipag-ugnay sa Lungsod (City Liaison):	Espesyalisadong tulong sa mga pasikot-sikot ng gobyerno ng Lungsod, kasama na ang mga tanong ukol sa mga permit at pagsosona, at pagtulong. Iisang kontak para sa koordinasyon ng mga serbisyo.
Mga Serbisyo para sa mga Nagtatrabaho at Puwedeng Magtrabaho (Workforce Services):	Tulong sa pagrerekut ng mga empleyado, may subsidyong pagsasanay sa trabaho para sa ibagong pasok at pagpapahusay pa ng mga kakayahan, espesyalisadong tulong sa pagpapasikot-sikot sa mga itinatakdang gobyerno ng Lungsod.
Mga Lupa at Gusaling Ariarian (Real Estate):	Tulong sa pagpili ng lugar, relokasyon at pagpapalawak, na may gabay sa mga larangang nakasona at naaangkop para sa paggamit ng nonprofit.

Planong may Limang Punto para sa PDR

Naglunsad ang Lungsod ng komprehensibong plano para palaguin at panatilihin ang mga negosyong nasa Produksiyon, Distribusyon at Pagkukumpuni (Production, Distribution, and Repair, PDR) ng San Francisco: Ang planong ito ay:

- **Magtatayo ng Bagong Espasyong PDR sa mga Pribadong Lugar.** Hihikayatin ng Lungsod ang pagde-develop ng bagong industriyal na espasyo sa hindi masyadong nagagamit na pribadong lugar, at gagamitin bilang panghikayat ang bagong pasang batas na nagpapahintulot sa mga may-ari ng bakante at hindi masyadong nagagamit na espasyo na mag-develop ng bagong industriyal na espasyo.
- **Magtatayo ng mga Bagong PDR na Espasyo sa Pampublikong Lugar.** Sisiyasatin ng Lungsod ang mga oportunidad para sa paglikha ng industriyal na espasyo sa iba pang pampublikong lugar.
- **Magpapaganda pa sa Nariyan nang mga PDR na Espasyo.** Hihikayatin ng Lungsod ang mga pang-industriyang gamit, sa lugar kung saan marami ang trabaho, sa paggawa ng mga produkto (manufacturing) at distribusyon, kaysa sa hindi masyadong puspusan ang paggamit, kagaya ng storage o imbakan.
- **Mangangalaga sa Nariyan nang Industriyal na Espasyo.** Palalakasin ng Lungsod ang pag-abot sa mas nakararaming may-ari ng mga industriyal na gusali at ikokonekta sila sa mga nangungupahan PDR na negosyo. Bukod sa pagtatayo ng mga bago, moderno at mas episyenteng industriyal na espasyo, mahalagang masuportahan ang tagumpay ng mga nariyan nang PDR na espasyo sa mga batayang industriyal na lugar.
- **Magpapanatili at Magpapalago sa mga PDR na Negosyo.** Susuportahan ng lungsod ang paglago at tagumpay ng mga PDR na negosyo sa pamamagitan ng patuloy na pagkakaloob ng iisang kontak sa Lungsod para sa PDR na negosyo, pagpopondo ng teknikal na tulong para sa PDR na kompanya, at pagkonekta sa PDR na negosyo sa mga programa para sa nagtatrabaho (workforce) at pagpapautang.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang <http://oewd.org/industrial>.

Kontakin si:

Susan Ma
Business Development Manager
415-554-6648
susan.ma@sfgov.org

Sentro para sa Pagpapaunlad ng Maliliit na Negosyo (San Francisco Small Business Development Center)

Nilikha ang Sentro para sa Pagpapaunlad ng Maliliit na Negosyo ng San Francisco (Small Business Development Center, SBDC) noong 1995 para maglingkod sa maliliit na negosyo sa Lungsod at County ng San Francisco. Tumutulong ito sa mga naririyang negosyo upang makayanan ng mga ito na makipagkompetensiya sa lagi nang nagbabagong ekonomiya, at tumutulong din sa mga negosyanteng handa nang magnegosyo upang mailunsad ang kanilang kompanya. Itinataguyod ang SBDC ng Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD) ng Lungsod ng San Francisco, at nangagaling ang bahagi ng pondo nito mula sa Pangasiwaan para sa Maliliit na Negosyo ng Estados Unidos (U.S. Small Business Administration, SBA). Sa pamamagitan ng mga programa nito, tumutulong ang SBDC sa mga negosyante na dumami pa ang benta, makakuha ng utang, magkaroon ng pamumuhunan o investment, mapanatili ang mga trabaho at makalikha ng mga trabaho. Kasama sa mga programa ang:

Konsultasyon ukol sa Pagnenegosyo

Ang mga serbisyo para sa libre at indi-indibidwal na konsultasyon ang pinakahaligi ng SBDC. Ang aming mga tagapayo sa pagnenegosyo, ay mga negosyante rin, at mga propesyonal silang pinili dahil sa iba't ibang kahusayan sa industriya at pagkakaroon ng mahabang rekord sa pagkuha ng mga resulta. Pinananatiling lubusang kumpidensiyal ang lahat ng impormasyon ng mga kliyente.

Saklaw ng mga Serbisyo: Pag-aaccounting, Pagpapalano ng Negosyo, Pangangalap ng Kapital, Pagsusuri sa Pinansiya, Human Resources (pamamahala sa pag-eempleyo), internasyonal na pakikipagkalakalan, operasyon at distribusyon, mga patent, trademark at copyright o karapatang-ari, procurement o pagkuha ng mga kailangan, pagpepresyo sa produkto, operasyon ng mga restawran, retail o pagbebenta, sales at marketing o promosyon ng mga produkto, at iba pa.

Mga Pagtitipon para sa Pagsasanay at Mga Workshop o Palihan

Nagsasagawa ang SBDC ng San Francisco ng iba't ibang uri ng seminar na pangnegosyo sa kabuuan ng County ng San Francisco ukol sa mga paksang tulad ng pamamaraang magkaroon ng kapital, pagpapalano sa negosyo, e-commerce o paggamit ng internet sa pagnenegosyo, pagbebenta at promosyon sa pamamagitan ng internet, pamamahala sa mga empleyado, kapital para sa pagpapalawak at pagpapalago, mga usaping ukol sa batas at pagnenegosyo, at mga programa ukol sa iba't ibang uri ng pinakamahuhusay na gawain, na dinisenyo upang makatulong sa maliliit na negosyo na gumamit ng pinakamahuhusay na paraan na posibleng magamit, at nang lumaki pa ang benta at kita.

Pinamumunuan ang mga seminar ng mga propesyonal na malawak ang karanasan at siyang nagsasagawa ng presentasyon at nagkakaloob ng mga halimbawa na hango sa tunay na buhay, at sumasagot sa mga tanong mula sa manonood. Nagtatapos ang karamihan sa mga seminar sa pamamagitan ng panel ng mga eksperto na nagbibigay ng karagdang opinyon, lumalahok sa masiglang sesyon ng mga tanong at sagot, at puwedeng makausap pagkatapos para sa kumbersasyong indi-indibidwal. Napakagandang pagkakataon ang aming mga seminar para makakuha ang may-ari ng negosyo ng nagagamit at hango sa tunay na buhay na impormasyon, at ng nakatutulong na payo.

Mga Pamamaraan para Makakuha ng Kapital

Nagkakaloob ang SBDC ng San Francisco sa inyo ng pagpapayo, mga praktikal na kasangkapan at pamamaraan sa pagkuha ng kapital at nang maalagaan ang pag-unlad at tagumpay ng inyong negosyo. Kung nagmamay-ari kayo ng maliit na negosyo, puwede namin kayong tulungan sa paghahanda, pagrerepaso at paghaharap ng kinakailangang mga dokumento at nang maging “bankable o mapagkakatiwalaan” at “lendable o naka-utang” kayo. Kapag handa na kayo, puwede namin kayong ipakilala sa malawak na hanay ng mga pampinansiyang mapagkukunan ng tulog at impormasyon, at mga serbisyo.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.sfsbdc.org.

Kontakin si:

Lawrence Liu

(415) 937-7232

lawrence.liu@sfgov.org

San Francisco City Hall, Room 110

1 Dr. Carlton B. Goodlett Place

San Francisco, CA 94102

Gellert Family Business Resource Center ng University of San Francisco

Layunin ng **Gellert Family Business Resource Center (Sentrong Gellert para sa Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon Ukol sa mga Negosyong Pag-aari ng mga Pamilya)** ng University of San Francisco ang:

- Magkaloob sa mga negosyong pag-aari ng pamilya ng pamamaraang makagamit ng networking.
- Lumikha ng bukas na palitan ng stratehiko at praktikal na impormasyon ukol sa mga negosyong pag-aari ng pamilya.
- Isulong ang larangan ng pananaliksik, edukasyon at iskolarship ukol sa mga negosyong pag-aari ng pamilya.

Nagkakaloob ang Gellert Family Business Resource Center ng University of San Francisco ng lapit na may tatlong bahagi sa pagsisilbi nito sa USF at sa komunidad ng Greater Bay Area.

1. **Kilalanin ang Kahusayan**

Kinikilala ng Gellert Family Business Resource Center ang dalawang negosyong pag-aari ng pamilya taon-taon, nagkakaloob ng suporta at mapagkukunan ng tulong at impormasyon at nang mapalakas pa ang kanilang mga operasyon, at itinataguyod ang mga negosyong ito sa kabuuan ng Bay Area.

2. **Panatilihing may Impormasyon ang mga Negosyong Pag-aari ng Pamilya**

Nagkakaloob ang Sentro sa mga negosyong pag-aari ng pamilya ng pamamaraang makagamit ng stratehiko at praktikal na impormasyon ukol sa mga negosyong pag-aari ng pamilya, oportunidad sa pakikipag-network at pananaliksik, edukasyon at iskolarship ukol sa mga negosyong pag-aari ng pamilya. Nagsasagawa ang Center ng pananaliksik ukol sa mga negosyong pag-aari ng pamilya at nang matukoy at mapahusay pa ang mga potensiyal na larangan para sa pag-unlad. Sa pamamagitan ng mga pagtitipon sa tanghalian, hapunan, at kaugnay na pagtitipon, hangad ng Center na makonekta ang mga negosyong pag-aari ng pamilya sa isa't isa at lumikha ng batayang kaalaman na makatutulong sa pagpapahusay pa sa "bahagi ng pamilya" sa negosyo.

3. **Pagpapaunlad sa Pamumuno sa mga Negosyong Pag-aari ng Pamilya**

Itinataguyod ng Center ang pamumuno ng susunod na henerasyon at nagkakaloob sa mga estudyante ng oportunidad na magamit ang kaugnay na coursework (trabaho sa klase) sa mga lokal na negosyong pag-aari ng pamilya. Tinitiyak ng University of San Francisco na naihahandog ang coursework ukol sa mga negosyong pampamilya sa kabuuan ng akademikong taon, sa pamamagitan ng tatlong kurso sa pagnegosyo, kasama na ang BUS398 (Family Business o Mga Negosyong Pag-aari ng Pamilya); BUS477 (Family Business Immersion in Colombia o Paglubog bilang Pag-aaral ng mga Negosyong Pag-aari ng Pamilya sa bansang Columbia); at BUS479 (Practicum in Family Business o Pagtatrabaho sa Negosyong Pag-aari ng Pamilya).

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang: <https://www.usfca.edu/management/centers-institutes/gellert-family-business-resource-center/about-us>.

Kontakin si:

Dr. Monika Hudson, Associate Professor

Director, Gellert Family Business Resources Center
University of San Francisco, School of Management
(415) 422-4395

mhudson@usfca.edu

2130 Fulton Street, Malloy Hall Room 235
San Francisco, CA 94117



Working Solutions (Mga Epektibong Solusyon)

Ang Working Solutions (Mga Epektibong Solusyon) ay Pinansiyal na Institusyon para sa Pag-unlad ng Komunidad (Community Development Financial Institution, CDFI) na nagkaloob ng abot-kayang microloan at serbisyo para sa pakikipagkonsultasyon ukol sa pagnenegosyo sa mga negosyanteng hindi gaanong nabibigyan ng serbisyo sa kabuuan ng San Francisco Bay Area. Magmula pa noong 1999, naperpekto na ng Working Solutions ang holistikong lapit nito sa pangekonomiyang pag-unlad ng komunidad, sa pamamagitan ng pagsasama ng mga serbisyo sa pagpapautang sa mga programa sa pagpapayo sa pagnenegosyo at paggabay. Kasama sa mga serbisyo ang:

Pagkakaroon ng Pamamaraang Makakuha ng Kapital

Pinagsasama ng natatanging modelo ng Working Solutions ang microloan (\$5,000 - \$50,000) sa start-up o nagsisimula pa lamang at nariryan nang negosyo na limitado ang nakukuha o walang makuhang utang sa bangko, sa tulong sa pagnenegosyo sa mga umuutang, bago at sa kabuuan ng 5-taon na buhay ng kanilang utang.

Serbisyo para sa Pagpapanatili ng Negosyo (Business Retention Service) sa San Francisco

Dahil tumataas ang upa sa mga espasyong pantindahan, napipilitang umalis ang maraming negosyo sa San Francisco, at nahihirapan silang makahanap ng abot-kayang espasyo sa loob ng lungsod. Sa pakikipagbalikatan sa Lungsod, layunin ng Working Solutions na mapanatili ang maliliit na negosyo sa San Francisco. Nagkaloob ang programa ng iisang lugar lamang (one-stop shop) para sa maliliit na negosyo, kung saan may kasama pang batayang pagtatasa, at lilikha kami ng indibidwal na plano ng aksiyon upang mabigyan kayo ng nakabalangkas na mga hakbang kung paano namin kayo tutulongang mabawasan ang mga problemang kinakaharap ninyo.

Tulong sa Real Estate o Ari-arian

Tumutulong ang Working Solutions sa mga negosyo sa paghahanap ng abot-kayang espasyo at muling pakikipagnegosasyon para sa upa ng espasyong kasalukuyan na nilang inookupa.

Pagpapasikot-sikot sa mga Ahensiya ng Lungsod

Madalas na humaharap ang mga negosyo ng iba't ibang problema na nangangailangan ng pagpapasikot-sikot sa mga ahensiya o konsultasyon na indi-indibidwal. Tumutulong ang Working Solutions para makontekta ang mga negosyo sa tamang ahensiya at opisina na makalulutas sa mga problema.

Pagkakaroon ng Pamamaraang Makakuha ng mga Insentiba o Panghikayat

Marami sa mga maliliit na negosyo ang hindi alam na may mga insentiba o panghikayat na puwede nilang makuha, sa pamamagitan lamang ng pagnenegosyo sa San Francisco. Tutulong ang Working Solutions sa maliliit na negosyo upang makapagpasikot-sikot sa mga programa para sa insentiba na iniaalok ng lungsod.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.workingsolutions.org.

Kontakin si:

Iris Lee

Real Estate Officer

(415) 732-9588

iris@workingsolutions.org

930 Montgomery Street, Suite 400

San Francisco, CA 94133